# Ceremonial lighting para sa 'Light a Tree Contest', pinangunahan ni Gob. Tallado; 21 grupo at tanggapan kasali ngayong taon

***Nagliwanag muli ang Kalayaan Park dahil sa taunang Light A Tree Contest na nilahukan ng iba't-ibang grupo at establisimyento dito sa Camarines Norte upang magdadag-kulay at ningning sa selebrasyon ng kapaskuhan dito sa lalawigan.***



Muling nagliwanag at nagningning ang naglalakihang mga punongkahoy sa paligid ng Kalayaan *Park* sa Kapitolyo Probinsyal nang pangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado noong Disyembre 16 ang *ceremonial lighting* para sa may 21 punungkahoy na kalahok sa 5th *Light a Tree contest*. Naging saksi rin dito sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel, ilang bokal ng Sangguniang Panlalawigan (SP) at opisyal ng pamahalaang panlalawigan, at iba pang panauhin.

Ang tema ngayong taon ay, "Paskong Pilipino Handog namin sa mga *OFWs*" bilang pagbibigay-pugay ng pamahalaang panlalawigan sa mga sakripisyo ng ating mga kababayang *OFWs* na itinuturing na mga 'bagong bayani'.

*(Sundan sa pahina 4)*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**TAON 5, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE 2014**

**"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"**

Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com





## Nasa Loob

OSY inventory list ng probinsya, isinasagawa; OSYs target nitong maipasok sa Abot-Alam Program ng DepEd at NYC 2
Gob. Egay naghatid-serbisyo sa kasagsagan ng bagyong 'Ruby' 2
Mga kabataang delegado ng CamNorte sa 1st Regl. Youth Entrep. Congress sinuportahan ni Gob. Tallado 2
PBO Alfuerte kinilala ng DBM bilang Most Outstanding Prov'l Budget Officer in Bicol Region kahalintulad na parangal tinanggap ni Alfuerte mula sa Sanggunian at Pamahalaang Panlalawigan 3
APIR advocacy meeting, idinaos; mabawasan ang biktima ng paputok, target nito 3
Mga estudyante sa Daet pabor na ipatupad dito ang Oplan Isnabero 3
Mga piling larawan 5
LGUs pinalakas upang makabuo ng disaster resilient communities 6
Alumni at magulang ng mga estudyante sa CNSC Abaño Campus, nagpasaklolo na sa Sangguniang Panlalawigan para tutulan ang abolisyon ng elementarya at hasykul 6
218 evacuation centers binuksan sa panahon ng Bagyong 'Ruby' 6
24-oras na pagbabalita ukol kay 'Ruby' inihatid ng Bagong Radyo ng Bayan 6
140-M supplemental budget, pinagtibay; 10 PRDP projects, iba pa popondohan nito 7

# 37 brgy. emergency vehicles, ipinamahagi; mas mabilis na pag-arangkada ng serbisyo sa mga barangay lalo na sa panahon ng emerhensya, inaasahan

Matapos ang seremonya ng pagbabasbas ni *Rev. Fr.* Fidel S. Era sa 37 *barangay emergency vehicle (BEV)* noong Dis. 5 sa *Provincial Capitol Grounds*, pinangunahan nina Gob. Edgardo A. Tallado, Bise Gob. Jonah G. Pimentel, Bokal Jay G. Pimentel at Bokal Pol Gache ang pamamahagi nito sa benepisyaryong mga barangay.

Sa naturang bilang, 5 ang ipinagkaloob sa bayan ng Sta. Elena na para sa mga barangay ng Plaridel, Polungguitguit, Patag Ilaya, Patag Ibaba at Kagtalaba. Kabilang sa nabigyan ang 6 na barangay sa bayan ng Capalonga gaya ng Itok, Calabaca, Catioan, Magsaysay, Old Camp at Villa Aurora.

Umabot naman sa 12 barangay sa bayan ng Jose Panganiban ang nakatanggap ng tig-iisang yunit ng *BEV* na kinabibilangan ng San Jose, Pag-asa, Sta. Cruz, Sta. Elena, Calero, San Isidro, Luklukan, Tamisan, Sta. Rosa Norte, San Martin, San Pedro at Plaridel. Ang bayan ng San Lorenzo Ruiz ay napagkalooban naman ng 9 *BEVs* para sa mga barangay ng Daculang Bolo, Dagotdotan, Langga, Laniton, Manlimonsito, Salvacion, San Antonio, San Isidro at San Ramon. Napagkalooban naman ng 5 *BEVs* ang bayan ng Paracale para sa mga barangay ng Poblacion Norte, Poblacion Sur, Capacuan, Mampungo

*(Sundan sa pahina 3)*



***Ilan sa mga Brgy. Officials mula sa bayan ng San Lorenzo Ruiz na tumanggap ng mga Barangay Emergency Vehicles (BEVs) mula sa pamahalaang panlalawigan na ang pamamahagi ay pinangunahan nina Gob. Egay Tallado, Bise Gob. Jonah G. Pimentel at SP Members Pol Gache at Jay Pimentel.***

# OSY inventory list ng probinsya, isinasagawa; OSYs target nitong maipasok sa Abot-Alam Program ng DepEd at NYC

Sa pakikipagtulungan sa mga *local government units (LGUs)* partikular na sa mga barangay, itinaguyod ni Gob. Edgardo A. Tallado ang implementasyon ng *barangay targeting system (BTS)* para sa mga *out-of-school youths (OSYs)* na edad 15-30 taon na target ng *Department of Education (DepEd)* at *National Youth Commission (NYC)* na mapabilang sa kanilang Abot-Alam *Program*.

Ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pagkuha sa serbisyo ng 282 *barangay secretaries* mula sa 12 bayan dito sa Camarines Norte na siyang itinalaga para magsagawa ng *survey/ inventory* ng *OSYs* sa kani-kanilang barangay katulong ang 32 *SPES beneficiaries*.

Matatandaan na ang naturang inisyatibo ay bilang pagtalima rin ni Gob. Tallado sa *Memorandum Circular No.* 2014-52 ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)* na naguutos sa lahat ng *LGUs* at lahat ng kinauukulan para magsagawa ng *barangay targeting system for OSYs*.

Itinataguyod ni Gob. Tallado ang naturang pambansang programa para matulungan ang mga maralitang *OSYs* na makapagtapos ng pag-aaral. Naniniwala ang gobernador na ang edukasyon ang susi para makakuha ng trabaho at makakawala sa gapos ng kahirapan ang kanyang mga kababayan na makatutulong sa mabilis na pag-angat ng ekonomiya ng ating bansa.

Ang naturang *OSY survey* na pinangasiwaan ng *Community Affairs Office (CAO)* sa pamumuno ni *Acting PIO/ Community Affairs Officer IV* Jocelyn Grace A. Calimlim ay pinunduhan sa ilalim ng *Provincial Government Leading Intervention For Education thru the Alternative Learning System (PG LIFE ALS)*.

Layunin ng *DepEd* at *NYC* na sa pamamagitan ng Abot-Alam *Program* ay mahanap ang mga *OSYs* na edad 15-30 taon para maibalik sa paaralan, mabigyan ng tulong -pangkabuhayan at/o kaya ay matulungang makahanap ng trabaho. Pangunahin dito ang mabigyan ng pagkakataon ang mga *OSYs* para makapagtapos ng hayskul at magkaroon ng angkop na kaalaman at kasanayan para maging produktibong indibidwal at mamamayan.

Ito rin ang dahilan kaya kinuha ang 15 araw na serbisyo ng 32 kabataan para maging *SPES beneficiaries* at magkaroon sila ng trabaho sa kanilang libreng oras sa klase. Sila ay pinasweldo ng P250.00/araw o kabuuang P3,750.00 kung saan ang P2,250.00 ay binayaran ng pamahalaang panlalawigan at ang P1,500.00 ay babayaran ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* sa pamamagitan ng *education voucher*.

Karamihan sa *SPES beneficiaries* ay *college* o *vocational students* o kaya ay mga *dropouts* na edad 15-25 taon; kasalukuyang nag-aaral o kaya ay *dropouts* na ipagpapatuloy ang kanilang pag-aaral; ang kita ng pamilya ay hindi lalagpas sa P36,000.00 bawat taon, at nakapasa sa mga kwalipikasyong itinatakda sa ilalim ng *Special Program for the Employment of Students (SPES)* alinsunod sa mga probisyon ng *Republic Act No. 9547* na sumasaklaw sa implementasyon ng *SPES*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Gob. Egay naghatid-serbisyo sa kasagsagan ng bagyong 'Ruby'

Matapos pangunahan ang pamimigay ng kaukulang *barangay emergency vehicles (BEVs)* sa 37 barangay ng lalawigan, agad na naglibot si Gob. Egay Tallado sa ibat'-ibang bayan dito sa Camarines Norte.

Kasama si Bise Gob. Jonah G. Pimentel at Bokal Pol Gache ng *Bicol Speaking District*, namahagi sila ng mga *relief goods* gaya ng bigas, mga delata at *instant noodles* sa mga apektadong pamilya.

Hanggang hatinggabi ay tuloy- tuloy pa rin ang paglilibot ng grupo ni Gob. Tallado kasabay ang pamimigay ng *relief goods*. Ang malakas na hanging dala ni 'Ruby' na sumasalubong sa kanila ay hindi nakahadlang sa kanila para maghatid ng tunay at masipag na serbisyo-publiko.

Hinangad din ni Gob. Tallado na pumunta sa mga *island barangays* sa bayan ng Mercedes upang personal na magdala ng *relief goods* doon ngunit hindi siya pinayagan ng *coast guard* dahil sa patuloy na pagsama ng panahon.

Matapos makapaglibot, ang grupo nina Gob. Egay at Bise Gob. Pimentel, hindi muna sila umuwi at sa halip ay dumiretso sila sa Bagong Radyo ng Bayan. Dito nila ipinaabot sa kanilang mga kababayan ang sitwasyon sa mga *evacuation centers* na kanilang nabisita pati na ang mga aksyon na ginawa nila at gagawin pa para lubos na mapaglingkuran ang mga naapektuhan ni 'Ruby'. ***MARK ONG/ldibasco***

# Mga kabataang delegado ng CamNorte sa 1st Regl. Youth Entrep. Congress sinuportahan ni Gob. Tallado

Nagpadala ng delegasyon si Gob. Edgardo A. Tallado sa *1st Regional Youth Entrepreneurship Congress (RYEC)* noong Dis. 5-6 sa *CamSur Convention Center* na layuning ituon ang *spotlight* sa mga indibidwal na piniling tahakin ang tinatawag na *'road less travelled – the way to entrepreneurship'*.

Pinangunahan nina *Acting PIO/CAO IV* Jocelyn Grace A. Calimlim at *Senior Tourism Officer/PYAO Designate* Mariano E. Palma ang delegasyon ng mga kabataang dumalo sa 2-araw na gawain kasama ang ilang *CAO* at *PYAO staff*.

Sinagot ng tanggapan ng gobernador ang *registration fee* at transportasyon ng mga delegado na karamihan ay kumukuha ng kursong *BS Entrepreneurship* at iba pang kahalintulad na *business/entrepreneurial courses*.

Sa pagbubukas ng *RYEC*, nagbigay ng mensahe si Gob. Miguel Luis Villafuerte na hinimok ang mga kabataan na simulan na ang pagbuo ng kanilang *future plans* at huwag sayangin ang oras at oportunidad para magkaroon ng katuparan ang kanilang plano.

Ang 2-araw na aktibidad ay tinampukan ng *Plenary Session on IT Solutions/Digital Marketing* kung saan tinalakay ang mga sumusunod na paksa: *MVP/Pivot or Pursue a Practical Start-Up Guide; Career Choice in Information Technology; Techno-preneurship; 3D Graphic Arts, Plenary Session on Entertainment/Indie Film Making/Production* na tinampukan ng *Entertainment/Production; Inde Film Making; Lifestyle* at *Fashion Prospects*. Ang bawat *plenary session* ay nagtapos sa pamamagitan ng *open forum* kung saan natugon ang iba pang katanungan ng mga dumalo.

Ang naturang mga pagtalakay ay sumentro sa paghikayat sa mga kabataan na magdesisyon kung anong daan ang tatahakin nila – ang maging *entrepreneur* o maging empleyado. Dito rin ay inilatag sa kanila ng mga *resource speakers* na pawang kilalang *entrepreneurs* ang *pros and cons* ng iba't-ibang larangan ng pagnenegosyo gaya ng nabanggit sa unahan. Ngunit binigyang-diin nila na nagtagumpay sila dahil hindi sila sumuko sa harap ng mga balakid na kinaharap nila. Sa bawat problema aniya, may katapat silang solusyon; sa bawat pagkalugi, doble-sikap sila para mabawi ang pagkalugi at tiyaking kikita sila nang mas malaki.

Ang *1st Regional Youth Entrepreneurship Congress (RYEC)* ay itinaguyod ng *Camarines Sur Chamber of Commerce and Industry (CSCCI)* sa pamumuno ni *PCCI Bicol Regional Governor* Jeremie S. Lo at sa pakikipagtulungan ni *Cam. Sur Gov.* Luis Miguel "Migz" Villafuerte, at iba pang mga tanggapan at samahan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***




*Pinangunahan nina PYA Officer Bong Palma at Acting PIO/CA Officer IV Jing Calimlim ang mga delegado ng Camarines Norte sa 1st Regional Youth Entrepreneurship Congress na ginanap sa Cam. Sur Sports Complex noong Dis. 5-6, 2014.*

# PBO Alfuerte kinilala ng DBM bilang Most Outstanding Prov'l Budget Officer in Bicol Region

## kahalintulad na parangal tinanggap ni Alfuerte mula sa Sanggunian at Pamahalaang Panlalawigan

Sa ika-68 regular na sesyon ng Sangguniang Panlalawigan noong Disyembre 10, 2014 , binigyang-parangal nito ang *Provincial Budget Office (PBO)* at hepe nito na si *PB Officer* Mercedes M. Alfuerte.

Ito ay sa pamamagitan ng *Resolution No. 600–2014* (*A Resolution Commending Ms. Mercedes M. Alfuerte, Provincial Budget Officer of Camarines Norte, for having been Awarded the Most Outstanding Local Budget Officer in the Bicol Region by the Department of Budget and Management)* at *Resolution No. 601–2014* (*A Resolution Commending the Provincial Budget Office of Camarines Norte, for having been Awarded the Most Outstanding Local Budget Office in the Bicol Region by the Department of Budget and Management)*.

Partikular na binanggit ng Sanggunian na sa petsa ng pag-aproba nito sa dalawang nabanggit na resolusyon ay dalawang (2) *Supplemental Budgets* pa lamang ang naipalabas ngayong taong 2014 na



kongkretong katibayan nang mahusay na pagkakabalangkas ng *PBO* sa *Annual Budget* ng probinsya sa pamumuno ni *PB Officer* Alfuerte.

Si *PBO* Alfuerte ay ginawaran ng pagkilala ng *Department of Budget and Management (DBM)* dahil sa kanyang husay at sipag. Bilang *Provincial Budget Officer*, sinisiguro lahat ng *budgetary transactions* ng Probinsya ng Camarines Norte ay nakasunod sa lahat ng umiiral na *budgeting rules and regulations*. Sa pamumuno ni Alfuerte, naisulong ng *PBO* ang katangitanging *Public Financial Management* dahil sa mahigpit na pagtupad o pagtalima nito sa *budgeting standards*, *policies* at *guidelines*.

Ang parangal na natanggap ni *PBO* Alfuerte at ng tanggapang pinamumunuan niya ay ibinahagi nila kay Gob. Edgardo A. Tallado nang bumisita sila sa tanggapan ng huli kamakailan lamang. Nagpakuha rin sila ng larawan kasama si Gob. Tallado na personal na nagpahayag ng kasiyahan sa karangalang ibinigay ng *PBO* sa Pamahalaang Panlalawigan na karapat-dapat na tularan at gawing huwaran. ***LORENA D. IBASCO/mark***

# APIR advocacy meeting, idinaos;

## mabawasan ang biktima ng paputok, target nito

Pinangunahan ni Dr. Myrna P. Rojas, *Acting Provincial Health Officer* ang isang *advocacy meeting* para sa *Aksyon Paputok Injury Reduction (APIR) national campaign* noong Disyembre 5, 2014. Ito ay itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan sa layuning makuha ang aktibong suporta ng iba't-ibang sektor ng lipunan na makakatulong nito sa malawakang pagpapaabot ng mga impormasyon para mabawasan ang bilang ng nabibiktima ng mga paputok lalo na sa nalalapit na Bagong Taon.

Sinuportahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang naturang pagkilos alinsunod na rin sa mga probisyong itinatakda sa ilalim ng *R.A. 7183 – An Act Regulating the Sale, Manufacture, Distribution and Use of Firecrackers and other Pyrotechnic Devices*. Layunin ng naturang batas na ma-*regulate* at makontrol ang paggawa, pagbenta, distribusyon at paggamit ng mga *firecrackers* at iba pang *pyrotechnic devices* na naaayon sa, at nagsusulong ng, *public safety*, *order* at *national security*, kaalinsabay sa pagpapahusay at pagpapatibay ng ng ating tradisyong kultural.

Sa *APIR Campaign* ngayong taong 2014, muli ay mahigpit na pinaaalalahanan ang lahat, bata at/o matanda man na: 1) Hindi ligtas ang paghawak/paggamit ng *firecrackers*; 2) Lahat ng uri ng *firecrackers* ay hindi ligtas para sa mga bata; 3) Dapat umiwas mula sa lahat ng *exploding firecrackers*; 4) Iwasan/Huwag pulutin ang hindi pa pumuputok na *firecrackers*, at 5) Ang anumang *firecracker injuries* ay dapat agarang lunasan.

Kasunod nito, muling hinihikayat ang lahat na maging maingat at res-ponsable sa paghawak at paggamit ng mga paputok na mitsa ng sakuna/aksidente, at kung minsan ay kumikitil pa ng buhay.

Para maiwasang mabiktima, ang *PHO* ay nagbigay ng ilang alternatibong mga paraan para makalikha ng ingay gaya ng paggamit ng mga: torotot, dram, lata gayundin ang pagpapatugtog ng musika, pagbusina sa mga sasakyan at iba pang ligtas na materyales na matipid, ligtas at iwas-polusyon pa.

Pinaalalahan din ni Gob. Tallado ang lahat na mas piliin ang paglikha ng ingay ng kaligtasan at kasiyahan kesa sa ingay ng panganib at kalungkutan sa pagsalubong sa Bagong Taon. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Mga estudyante sa Daet pabor na ipatupad dito ang Oplan Isnabero

Matapos na muling ipatupad ng *Metropolitan Manila Development Authority (MMDA)* sa Metro Manila ang Oplan Isnabero na naglalayong maparusahan ang mga *taxi drivers* na ayaw magpasakay nang maayos pati na ang mga abusero at aroganteng drayber, ipinahayag ng ilang estudyante dito sa lalawigan ang kagustuhan na maipatupad din ito sa bayan ng Daet.

Ito ay sa dahilang halos WALANG *tricycle driver* na sumusunod sa *student fare* na P7.00 lalo na kung walang dalang barya ang estudyanteng pasahero. Inirereklamo rin nila ang pagiging mapili sa pasahero ng mga *tricycle drivers*; hindi pagpasakay sa estudyante lalo na kung nag-iisa lamang o di kaya ay may kalayuan at papasok ang kanilang pupuntahan. Kasama rito ang bastos na astahin ng mga *tricycle drivers* na nagtataas ng boses o umaasik kapag humihingi ng tamang sukli ang pasahero lalo na ang mga estudyante na bata pa na tila nadadaan nila sa pananakot.

Hiniling nila na agarang maipatupad ang Oplan Isnabero lalo na ngayong *Christmas season* kung saan halos di nila nai-*enjoy* ang kanilang *20% discount fare* sa pasahe kahit na *holidays* o mga araw man ng Sabado at Linggo. Ang pribilehiyong ito ng mga estudyante ay nakapaloob sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 38-2013 na nagbibigay ng 20% *fare discount* sa lahat ng kwalipikadong estudyante sa pagsakay nila sa lahat ng uri ng sasakyang panlupa, pantubig at panghimpapawid *(land, water and air transportation utilities)* man kahit sa mga araw ng Sabado, Linggo, *Christmas vacation* at pista opisyal man.

Matatandaan na agarang inaprobahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang Ordinansa sa layuning mabawasan ang gastusin ng mga estudyante sa pasahe at mahikayat din sila na makilahok sa mga *extra-curricular*, *academic*, at *civic activities* kahit sa mga araw na walang pasok. Isinaalang-alang din dito ng gobernador ang mga *college students* na madalas bumiyahe para makadalo sa serye ng mga *trainings*, *internships*, at iba pang gawain na kaakibat ng kanilang *curricula*.

Hinihiling din ng mga estudyante na magkaroon ng *police visibility* sa iba't-ibang lugar dito sa Daet para mag-atubili ang mga drayber na lumabag sa taripa ng pasahe lalo na ang paggawa ng krimen sapagkat may ilang insidente na ng krimen na kinasangkutan ng kanilang hanay. ***MARK ONG/ LORENA D. IBASCO***

# 37 brgy. emergency vehicles ...

***(Mula sa pahina 1)***

at Pinagbirayan Malaki.

Ang pondo sa pagbili ng *37 BEVs* ay nagmula sa *Aids to Barangays*. Ito ang unang batch ng mga barangay at nakalinya na rin ang susunod na mga batches ng bibigyan nito.

Inaasahan na magiging daan ito para sa mas mabilis na pagarangkada ng paghahatid-serbisyo sa mga residente ng barangay lalo na sa panahon ng biglaang pangangailangan o emerhensya.

Isinulong ni Gob. Tallado ang inisyatibong ito para ang mga liblib o malalayong barangay ay magkaroon ng 24/7 na sasakyan na magagamit ngmga opisyal ng barangay sa pagtugon sa kanilang tungkulin lalo na sa panahon ng emerhensya. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# Ceremonial lighting para sa 'Light a Tree ...



*Ang isa sa mga puno sa Kalayaan Park na pinalamutian at pinaliwanag ng makukulay na ilaw ay isa sa mga kalahok sa 3rd Light A Tree Contest na isinagawa muli ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Tourism Operations Division (PTOD) bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng kapaskuhan.*





*(Mula sa pahina 1)*

Patuloy na itinataguyod ni Gob. Tallado ang taunang *light a tree contest* sa pamamagitan ng *Provincial Tourism Operations Division (OPTD)* na pinamumunuan ni Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*. Ito ay sa layuning maging daan ito para mas mapatibay ang relasyon ng mga pamilyang CamNorteño na nagiging gawi na ang sama-samang pagpunta sa parke pagsapit ng gabi para pagmasdan ang mga napapalamutian at naiilawang mga punungkahoy. Ang pagpasyal din sa parke ay matipid na paraan ng ilang kababayan natin para makapagrelaks kasama ang mga kaibigan lalo't higit ang maramdaman nila ang diwa ng kapaskuhan.

Katulad nang inaasahan, ngayong taon ay naging mahigpit muli ang kumpetisyon lalo na at naghihintay ang premyong P100,000.00 para sa makakakuha ng *1st rank*; P60,000.00 para sa *2nd rank*, at P40,000.00 para sa *3rd rank*.

Kaya naman ang may 21 opisyal na kalahok dito ika nga ay nagpapatalbugan sa paggawa ng orihinal at masining na pagdisenyo sa mga puno na nilalagyan nila ng makukulay na mga pamaskong palamuti at kakaibang *Christmas lights*.

Matatandaan na noong Dis. 12, isinagawa ang *1st round of judging* para sa mga kalahok. Ang iskedyul naman ng *2nd* at *last round of judging* ay ipaaalam lamang sa mga kalahok sa mismong araw ng *final evaluation* at 6 na oras bago ang huling paglibot at ebalwasyon lilibot ng mga hurado.

Ang batayan na ginamit ng tatlong (3) hurado para sa kanilang *1st* at *2nd round of judging* ay ang: *originality*; *theme*, *lightings*, at *overall appeal* na pare-parehong may bigat na tig- 25%. Ang natanggap na puntos ng mga kalahok para sa una at ikalawang *rounds* ay pinagsama kung saan ang nakakuha ng 30 puntos ang naging ***rank*** 1; ***rank2*** = 25 puntos; ***rank 3*** = 21 puntos; ***rank 4*** = 19 puntos; ***rank 5*** = 17 puntos; ***rank 6*** = 15 puntos; ***rank 7*** = 13 puntos; ***rank 8*** = 11 puntos; ***rank 9*** = 9 puntos; ***rank 10*** = 7 puntos, at lahat ng iba pa = 5 puntos.

Kung anong grupo o tanggapan ang mananalo sa *Light A Tree Contest* ngayong taon, 'yan ang sabay-sabay nating aabangan sa pagpasok ng Enero 2015 kung saan isasagawa ang *2nd* at *final judging* para mga kalahok sa naturang kumpetisyon. ***LORENA D. IBASCO***


Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:***

CHAIRMAN:
**Edgardo A. Tallado**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**Jose G. Boma**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*

Rikki M. Vito, *Communications Liaison*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM

***NEWS EDITOR:***
Lorena D. Ibasco, Administrative Officer V

***LAYOUT:***
Engr. Wilson V. Porcincula

***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD-**Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T.
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

# Mga piling larawan




1) Pinangasiwaan ni Gob . Egay Tallado ang PDCC meeting bilang paghahanda sa paparating na Bagyong 'Ruby'; 2) Mga bagong kagamitan ang handog ni Gob. Egay sa mga Wildlife Enforcement Officers ng Provincial Environment & Natural Resources Office ni LGU PENRO Engr. Pol Badiola; 3) Dalawang kawani ng Camarines Norte Provincial Health Office ang pinanumpa ni Gob. Egay Tallado sa kanilang katungkulan na sina Dra. Monica Balce-Medical Officer II at ___ Nurse IV; 4) Ang mga Persons With Disabilities (PWDs) na tumanggap ng iba't-ibang assistive devices mula sa pamahalaang panlalawigan na ipinamahagi nina Gob. Egay Tallado, Bise Gob Jonah G. Pimentel, SP Members Renee Herrera, Romeo Marmol at Engr. Gerry Quiñones na pangkalahatang pinangasiwaan ng Provincial Social Welfare & Development Office sa pamumuno ni Acting PSWD Officer Cynthia dela Cruz.









# LGUs pinalakas upang makabuo ng disaster resilient communities

Tatlong bayan dito sa Lalawigan ng Camarines Norte ang isinailalim kamakailan sa programang pangkaunlaran na ipinatutupad sa bisa ng isang *Memorandum of Partnership Agreement (MoPA)* na nilagdaan noong Disyembre 3, 2014 sa bayan ng Daet kasabay sa pagdiriwang ng ika-65 anibersaryo ng pagkakatatag ng *Philippine Red Cross*.

Ito ang *"Empowering Communities and Local Government Units in Implementing Inclusive Development Programs in the Philippines"* na pinupunduhan ng *European Union* sa pakikipagtulungan ng mga pandaigdigang samahan ng iba't-ibang bansa.

Ang tatlong munisipalidad na sakop ng *MoPA* ay ang Mercedes, Sta. Elena at Vinzons. Ang paglagda sa kasunduan ay pinangunahan nina Gob. Egay Tallado at Gng. Josie Baning-Tallado, *chairperson* ng *Board of Directors* ng *Philippine Red Cross Camarines Norte chapter*, at mga kinatawan ng *European Union*.

Layunin ng programa na makabuo ng mga pamayanang ligtas sa panganib mula sa likas na kalamidad sa pamamagitan ng pagtataas sa antas ng kahandaan at hayag na pamamahala para sa *disaster risk reduction* at makamit ang pampamayanang kaunlaran.

Batay sa *website* ng *Philippine Red Cross*, paiigtingin nito ang preparasyon para sa anumang kagipitan at kalamidad sa mga *local government units (LGUs)* kasama ang buong komunidad upang matiyak na ang pagkilos ng mga *first responders* at ng mga tauhan ng pamahalaan ay naaayon sa nakalatag na *preparedness plans*.

Kabilang sa istratehiya nito ang pagsasagawa ng kaukulang mga pagsasanay, hayag na implementasyon ng mga plano, at mabisang pagkilos upang ang mga mamamayan sa mga peligrosong lugar ay makaligtas sa panahon ng kagipitan, ayon pa rin sa *PRC*.

Samantala, pinasinayaan din ang bagong *blood bank* ng *PRC Camarines Norte Chapter* kasabay ng iba pang mga aktibidad sa *65th founding anniversary* nito. Ayon kay Gng. Tallado, dahil may imbakan na ng dugo sa ating lalawigan; makatitiyak na mabibigyan ng agad na suplay ng tinaguriang likido ng buhay ang mga pasyenteng nangangailangan nito. Dati'y kailangan pang pumunta sa Camarines Sur ang mga CamNortenyo para kumuha ng dugo na karaniwang resulta ay atrasadong aksyon para mailigtas ang buhay ng mga nasa bingit ng kamatayan. ***RMVito, Communication Liaison***

# Alumni at magulang ng mga estudyante sa CNSC Abaño Campus, nagpasaklolo na sa Sangguniang Panlalawigan para tutulan ang abolisyon ng elementarya at hasykul

Sa harap ng nakaambang banta ng abolisyon ng *CNSC Abaño Campus*, inaasahan ng mga *alumni* ng paaralang ito pati na ang mga magulang ng mga estudyante nito sa elementarya at hayskul na ang resolusyon ng Sangguniang panlalawigan ay diringgin ng *Commission on Higher Education (CHED)* na humihiling na huwag alisin ang *basic education* sa *CNSC Abaño Campus*.

Matatandaan na nagpasaklolo na sa Sangguniang Panlalawigan at dumalo sa nakaraang sesyon nito noong nakaraang Disyembre 10, 2014 kung saan nagpahayag sila nang mahigpit na pagtutol sa unti-unting pag-aalis ng *basic education* sa naturang paaralan na humigit-kumulang 5 dekada nang naghahatid sa ating mga kababayan nang abot-kaya ngunit de-kalidad na edukasyon.

Bago nakarating ang usapin sa sesyon ng SP, idinulog muna nila ito kay Bise Gob. Jonah G. Pimentel at personal na ipinaabot ang kanilang kahilingan na mapalakas ang kanilang oposisyon sa naging desisyon ng *CNSC Board of Trustees* na tuluyang alisin ang *basic education* sa *CNSC Abaño Campus* na isinulong naman ni *CNSC President* Monsito G. Ilarde.

Matamang pinakinggan ni Bise Gob. Pimentel ang kanilang mga reklamo at hinaing at iniakyat sa Sangguniang Panlalawigan ang pagtalakay sa naturang isyu kung saan inimbitahan ang magkabilang grupo na nagpahayag ng kani-kanilang panig sa nasabing usapin.

Matatandaan na una nang lumapit sa Sanguniang Bayan ng Daet ang mga naturang nagrereklamo ngunit minarapat din nilang idulog ito sa Sanguniang Panlalawigan upang mas mapalakas ang kanilang pagtutol sa naging desisyon ni *CNSC Pres.* Ilarde.

Ang SP Resolusyon Blg. 604–2014 o mas kilala bilang *"Resolution Strongly Urging the Commission on Higher Education to Cancel Permanently the Implementation of the Phasing Out or Phasing Down of CNSC Laboratory Elementary and High School Abaño Campus"* ay pipirmahan na lamang ni Bokal Pamela Pardo na tumayong *Temporary Presiding Officer* ng Sanguniang Panlalawigan ng araw na iyon, at gayundin si Gob. Edgardo A. Tallado na siyang pinal na mag-aaproba nito para maisumite na sa *CHED*. ***mark ong/ld ibasco***


# 218 evacuation centers binuksan sa panahon ng Bagyong 'Ruby'

Tinatayang 218 *evacuation centers* ang binuksan dito sa Lalawigan ng Camarines Norte sa panahon ng bagyong Ruby. Pansamantalang nanirahan dito ang humigit-kumulang sa 6,990 mga pamilya na katumbas ng 26,889 kataong apektado ng nasabing bagyo.

Ang bayan ng Mercedes ang nagbukas ng pinakamaraming *evacuation centers* na umabot sa 47 kung saan kinupkop ang may 2,246 pamil-yang nagsilikas. Puma-ngalawa rito ang bayan ng Jose Panganiban na may 40 *evacuation centers* ang ginamit para sa may 1,699 apektadong pamilya.

Sa bayan ng San Lorenzo Ruiz, 311 apektadong pamilya ang tumuloy sa may 33 *evacuation centers* nito; 374 pamilya naman sa 23 *evacuation centers* sa Sta. Elena; Labo - 186 pamilya sa 20 *evacuation centers*; Capalonga - 492 pamilya sa 16 *evacuation centers*; Daet – 101 pamilya sa 7 *evacuation centers*; Paracale – 488 pamilya sa 5 *evacuation centers*; Vinzons – 758 pamilya sa 6 *evacuation centers*; Paracale – 488 pamilya sa 5 *evacuation centers*; Basud – 43 apektadong pamilya sa 4 *evacuation centers*, at San Vicente – 25 apektadong pamilya ang pansamantalang tumuloy sa 4 na *evacuation centers* doon.

Ang naturang mga datos ay batay sa ulat ng *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO)* noong hatinggabi ng Disyembre 8. ***MARK ONG***



# 24-oras na pagbabalita ukol kay 'Ruby' inihatid ng Bagong Radyo ng Bayan

Nagbigay ng 24 na oras na pagbabalita ang Bagong Radyo ng Bayan 96.9 Mhz sa kanilang mga tagapakinig simula Disyembre 5 hangang Disyembre 7 ng taong kasalukuyan.

Isinagawa nila ang naturang *special programming* alinsunod sa utos ni Gob. Egay Tallado upang mas malawakan at maayos na makapaghatid ng *blow by blow update* kaugnay sa galaw ng bagyong 'Ruby'.

Dahil dito, ang *regular programming* ng Bagong Radyo ng Bayan ay pansamantalang itinigil muna para bigyang-daan ang tuluy-tuloy na pagbabalita ukol sa paparating na bagyo.

Tanging himpilan lamang ng Radyo ng Bayan ng nagsagawa ng *24 hours* at *no brownout coverage* dito sa Camarines Norte.

Upang mas malawak ang lugar na maaabot ng *signal* ng Bagong Radyo ng Bayan ay nag-*hook up* din ang Bagong RNB sa *Hot FM* Jose Panganiban upang makarating ang *special programming* nito sa mga lugar na hindi naaabot ng Bagong Radyo ng Bayan.

Sa kabila ng pagod at puyat, hindi naging mailap ang ngiti sa mga kawani ng RNB sapagkat alam nilang nakatulong sila sa kanilang mga kababayan.

Matatandaan naman na una nang isinagawa ng panlalawigang istasyon ang *24-hour special programming* sa panahon ng bagyong 'Glenda' noong Nob. 2013 kung saan kahit *brownout* ay tuluy-tuloy pa rin ang pagsahimpapawid ng *RNB* para sa kapakanan ng ating mga kababayan.

Ang Bagong Radyo ng Bayan ay pinamumunuan ni Ms. Ivy Consuelo Garcia bilang *Station Manager* nito. ***MARK ONG/ld ibasco***

# 140-M supplemental budget, pinagtibay;
## 10 PRDP projects, iba pa popondohan nito

Pinagtibay kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan ang *supplemental budgets* bilang 2 at 3 na umaabot sa halagang P140-milyon na inindorso ni Gob. Edgardo A. Tallado para maipatupad ang mga proyektong pangkaunlaran sa iba't-ibang panig ng probinsya.

Sa *SB* #2 na umaabot sa P135,043,500.00, 88% o P118,974,210.20 ng nasabing halaga ay ilalaan bilang *counterpart equity* o ambag na pondo ng pamahalaang panlalawigan para sa konstruksyon ng 10 *farm-to-market roads (FMRs)* sa ilalim ng *Provincial Rural Development Project (PRDP)* gaya ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| • Pinagwarasan-Lanot Road (21.05 kms.) | 21,310,210.20 |
| • Cabusay-Fundado-Bagacay-Awitan, Labo - Mampungo, Paracale-Manlucugan, Vinzons – Tabas-Bakal, Paracale (13.944 kms.) | 16,700,000.00 |
| • Calabagas-Cabanbanan, San Vicente – Caawigan, Talisay – Sto. Domingo, Vinzons (4.33 kms.) | 5,200,000.00 |
| • Sto. Domingo-Guinacutan-Napilihan Port, Vinzons (7.84 kms.) | 9,408,000.00 |
| • Poblacion-Pulongguit-guit, Sta. Elena (4.38 kms.) | 5,256,000.00 |
| • Sta. Elena-San Isidro-Sta. Cruz-San Jose-Dahican, Jose Panganiban | 16,500,000.00 |
| • Dagang-Talusan-Pinagbirayan Malaki-Calaburnay-Mangkasay-Tabas, Paracale (9.88 kms.) | 11,900,000.00 |
| • San Antonio-Villa Belen, Capalonga – Rizal, Sta. Elena (4.25 kms.) | 5,100,000.00 |
| • Bagong Silang 2, Labo - San Martin-San Pedro-Sta. Cruz, Jose Panganiban (8.77 kms.) | 10,500,000.00 |
| • Angas-Mandazo-Lidong-Oliva-Caayunan, Basud (14.23 kms.) | 17,100,000.00 |
| | **118,974,210.20** |

Kasama rin dito ang P1,025,789.80 para sa *coco geonet production project* na isang *livelihood project* na ipatutupad para sa kapakanan ng mga *PRDP communities*. Ang nasabing halaga ay gugugulin para sa *support infrastructure*, pagbili ng mga makinarya at kagamitan *(machines & equipment)*, at *hauling truck*.

Nakapaloob din sa SB#2 ang P8.9-milyon para sa konstruksyon ng anim (6) na *multi-purpose halls* partikular na sa Brgy. Sto. Domingo sa bayan ng Vinzons na umaabot sa P700,000.00; Brgy. Pangpang, Labo – P1,200,000.00; Brgy. Borabod, Daet – P2-milyon, at tatlo (3) sa bayan ng Talisay gaya ng Brgy. San Nicolas na nilaanan ng pondong P1.5-milyon; San Jose – P2-milyon, at Caawigan – P1.5-milyon.

Kabilang din dito ang konstruksyon ng *brgy. health center* sa Brgy. Mangcayo, Vinzons na may laang pondo na P500,000.00, gayundin ang pagtatayo ng *evacuation centers* sa Brgy. Silangan, San Vicente na pinunduhan ng P250,000.00; Sabang, Vinzons – P100,000.00, at Catioan, Capalonga – P2,000,000.00.

Ang tubig ay buhay, kaya isinulong din dito ni Gob. Tallado na mapunduhan ang *water development system project-construction of water system* sa Brgy. Pinagtigasan, Vinzons na umaabot sa P2-milyon. Layunin nito na makapagbigay ng regular na suplay ng tubig at malinis na inumin para mailayo ang ating mga kababayan mula sa mga *water-borne diseases* na kung minsan ay nakamamatay.

Ang natitira pang P1,056,500.00 ay inilaan naman para sa *internet expenses* ng *CN CeC; global positioning system* at 3 *computer units with complete accessories* para sa *Provincial Assessor's Office*, at *office/communication equipment/furniture & fixtures/purchase of service vehicles*, maliban sa iba pa.

Samantala, ang naaprubahang SB#3 na umaabot sa P5-milyon ay tanging gugugulin lamang para sa *concreting* ng Gumaus *FMR* sa Brgy. Gumaus sa bayan ng Paracale.

Ang kabuuang P140-milyon na *supplemental budget* ay kinuha naman mula sa *total estimated income (General Fund Proper)*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Christmas party ni Gob. Tallado ...



***Ipagpatuloy ang pagsusumikap at pagtityaga upang makamit ang tagumpay at makatapos ng pag-aaral, ilan lamang sa bahagi ng mensahe ni Gob. Tallado sa ginanap na Christmas party & Team Building ng mga CN-PGCEAP grantees na binigyang pagkilala rin ang mga dating grantees na nagbigay karangalan sa lalawigan sa pagpasa ng LET.***

***(Sundan sa pahina 8)***

lado, hindi sila nagtagal sa okasyon ngunit naramdaman pa rin ng mga iskolar ang kanilang presensya dahil sa mga papremyong iniwan ng butihing gobernador.

Napaka-akma ng tema ngayong taon sapagkat labis na ikinatuwa ng mga *CNPGCEAP grantees* ang iba't-ibang pa-*raffle* at palaro kung saan tumanggap sila ng *cash prizes* at *homewares* bilang mga papremyo. Inaasahan din na sa ilang araw na pagsasanay para sa *group dance presentation contest* ay mas napatibay ang relasyon sa pagitan ng mga iskolar ng pamahalaang panlalawigan at ang kanilang *sense of sportsmanship*.

Magkakaiba ngunit mahuhusay ang mga espesyal na bilang na inihanda ng mga kalahok at halatang pinaglaanan ng mahabang preparasyon lalo na at nakataya ang premyong P3,000.00, P2,000.00 at P1,000.00 kaya naman talagang naging mahigpit ang labanan.

Doble ang naging kasiyahan ng mga *CNPGCEAP grantees* mula sa *CNSC Entienza Campus* na nakuha muli ang unang pwesto sa paligsahan at naiuwi ang premyong P3,000.00. Pumangalawa rito ang *CNSC* Jose Panganiban *Campus* na nanalo ng P2,000.00, at pumangatlo ang *CNSC CBPA Department* na nakakuha ng P1,000.00.

Walang umuwing luhaan at lahat ay panalo sapagkat ang mga hindi nanalo sa mga pa-*raffle* ay binigyan ng tigda-P200.00 piso.

Sa pagitan ng mga pa-*raffle* at palaro, isinagawa ang paggawad ng *certificate of commendation* para sa mga *CNPGCEAP achievers* o mga iskolar ng pamahalaang panlalawigan na nakapasa sa *Licensure Examination for Teachers (LET)* na umabot sa 41 habang 7 naman ang nakapasa sa *Board Examination For Certified Public Accountant (CPA)* na isinagawa ng *Professional Regulation Commission (PRC)* ngayong 2014.

Una rito, nagbigay ng *welcome remarks* si *CNPGCEAP Federation President* Edgarlene Villanueva; *opening remarks*, *Acting PIO/CAO IV* Jing Arriola-Calimlim, at *closing remarks* mula kay *CNPGCEAP Federation Vice President* Edmarc Balce. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# Wheelchairs, iba pang assistive devices...

***(Mula sa pahina 8)***

naman ng *inspirational message*.

Ipinahayag ni Gob. Tallado na bukas na ang *PSWDO* sa pagtanggap para sa unang *batch* ng *PWDs* na bibigyan ng mga nabanggit na *assistive devices* sa 1[st] *quarter* ng taong 2015.

Ang mga interesadong mabigyan ng *assistive devices* ay pinaalalahanan ng *PSWDO* na maagang magsumite ng mga kaukulang dokumento gaya ng: 1) *letter request* na naka-*addressed* kay Gob. Edgardo A. Tallado; 2) *medical certificate*; 3) *full body picture*; 4) *case study* galing sa *Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO)*, at 5) *certificate of indigency* na mula sa Pamahalaang Barangay. ***MARK ONG/ ld ibasco***

# 42 hired on-the-spot ...

***(Mula sa pahina 8)***

umaabot sa 1,150 bakanteng trabaho ang bukas *(available)* para sa *local employment* at 200 bakanteng posisyon naman para sa *overseas works*.

Dahil dito, hinihikayat ni Gob. Edgardo A. Tallado ang kanyang mga kababayan na makilahok sa mga susunod na *jobs fair* para hindi masayang ang naturang oportunidad at mahanap din ang kanilang swerte sa trabaho.

Patuloy na itinataguyod ng gobernador ang naturang gawain sa pakikipag-ugnayan sa at sa pakikipagtulungan ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* at *Philippine Overseas Employment Administration (POEA)*. Ito ay sa pamamagitan ng *Provincial Employment Service Office (PESO)* na saklaw ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)*. ***LD IBASCO***

# Christmas party ni Gob. Tallado para sa CNPGCEAP grantees

## hitik sa pa-raffle, palaro at papremyo; CNPGCEAP achievers pinarangalan din sa okasyon





*Ang academic achievements ng mga CNPGCEAP grantees na pumasa sa LET ay binigyang-pagkilala nina Gob. Egay Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel sa pamamagitan ng recognition rites na isinagawa sa loob ng CNPGCEAP Christmas Party na handog ng gobernador, at pangkalahatang pinangangasiwaan ng tanggapan ni Jocelyn Grace Calimlimna tumatayong Acting PIO/CA Officer IV.*

Ang mga iskolar ng *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)* ay hinandugan ni Gob. Edgardo A. Tallado ng isang maagang pamasko. Ito ang *CNPGCEAP Christmas Party* na idinaos noong Dis. 21 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center* na nakasentro sa temang,*"The Season of Joy, Strengthening the Bond between Young Achievers".*

'Game na game' na nakisaya sa okasyon ang butihing gobernador na labis na ikinagalak ng mga *CNPGCEAP grantees* lalo na ng sabihin ng butihing gobernador na dadagdagan niya ang mga palaro at pa-*raffle* sa susunod na taon. Unang-una na umano rito ang paglalaan niya ng *karagdagang pondo sa CNPGCEAP* para mas marami ang magkaroon ng oportunidad na makapagtapos ng kolehiyo.

Kasama niyang dumating sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at Bokal Rodolfo V. Gache na parehong nagpaabot ng pamaskong pagbati at mensahe sa mga iskolar ng pamahalaang panlalawigan.

Dahil sa hitik na iskedyul nina Gob. Tal-

*(Sundan sa pahina 7)*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 5, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# 42 hired on-the-spot sa Provincial Jobs Fair

Sa *Provincial Jobs Fair* na idinaos noong Dis. 2-3, 2014 sa *Little Theater, Provincial Capitol*; 42 katao ang *hired on-the-spot* at nagtatrabaho na sa *Hitachi Global Systems Technology (HGST)* na nakabase sa Biñan, Laguna.

Lumahok sa nasabing *jobs fair* ang 2 *overseas agencies* gayundin ang 10 *local companies* sa bansa.

Umabot sa 375 na aplikante ang nagparehistro kung saan 345 sa kanila ang nagkwalipika para sa iba't-ibang posisyon sa trabaho.

Lubhang napakababa ng bilang ng aplikante sapagkat

*(Sundan sa pahina 7)*





# Wheelchairs, iba pang assistive devices ipinamigay ni Gob. Tallado sa mga PWDs

Pinangasiwaan ng *Provincial Social Welfare Development Office (PSWDO)* ang pamimigay sa mga *persons with disabilities (PWDs)* ng mga *assistive devices* gaya ng 4 na *crutches*, 36 na tungkod at 52 *wheelchairs*.

Pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang naturang distribusyon kasama sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at Bokal Renee Herrera, at si *Acting PSWD Officer* Cynthia R. dela Cruz. Nagbigay rin ng kanikaniyang mensahe sila Gob. Tallado habang ang panauhin na si *Prof.* Rex Bernardo ay nagbigay

*(Sundan sa pahina 7)*

